

Gabay sa Club Volleyball

Para sa mga Manlalaro at Pamilya

Ito ay salin ng bersyong Ingles ng gabay na ito. Kung may anumang pagkakaiba sa kahulugan, ang bersyong Ingles ang masusunod.

Ano ang Club Volleyball?

- Ang club volleyball ay nagbibigay ng mga pagkakataon sa mga manlalaro na mag-training at makipagkumpitensya sa mga club team na para sa iba't ibang antas ng laro. Mayroong mahigit 80 club sa iba't ibang bahagi ng BC. Upang makahanap ng club na aprubado ng Volleyball BC sa inyong rehiyon, bisitahin ang seksyong Mga Contact ng Club (Club Contacts) sa volleyballbc.org/play/youth/indoor/club-volleyball.
- Ang season ng club volleyball ay mula Enero hanggang Mayo, at maraming club ang nagsasagawa ng tryout mula Nobyembre hanggang Disyembre. Sa buong season, naglalaro ang mga club team sa mga torneo na nagtatapos sa Kampeonatong Panlalawigan (Provincial Championships) sa Abril/Mayo. Makikita ang karagdagang impormasyon tungkol sa mahahalagang petsa at iskedyul sa volleyballbc.org/club-volleyball.
- Ang club volleyball ay para sa mga lalaki at babae sa 12U–18U. Hindi lahat ng club ay may team sa bawat pangkat ng edad. Tiyaking nauunawaan ninyo ang mga regulasyon para sa bawat kategorya ng edad, dahil may iba't ibang uri ng laro, mga patakarang pang-development sa pagpapalit ng manlalaro (developmental substitution), at mga kinakailangan sa posisyon depende sa edad ng atleta. Itinatakda ng Volleyball BC ang mga ito taun-taon, at makikita ninyo ang mga ito sa Manwal ng Club (Club Handbook) na inilalabas bawat season.
- Ang Volleyball BC ang namamahalang organisasyon sa antas ng lalawigan na nangangasiwa sa club volleyball sa British Columbia. Ang sinumang club, manlalaro, coach, o referee na nais lumahok sa club volleyball ay dapat na miyembro ng Volleyball BC, nakatutugon sa ilang partikular na kinakailangan, at sumusunod sa mga patakaran at pamamaraan ng Volleyball BC.
- Ang mga volleyball club ay mga independiyenteng organisasyon. Gayunpaman, ang mga club na lumalahok sa season ng club volleyball ay nag-a-apply taun-taon para sa membership sa Volleyball BC. Upang maaprubahan para sa membership, ang isang club ay dapat nakatutugon sa ilang pamantayan at pumapayag na tanggapin at sundin ang lahat ng patakaran, proseso, at pamamaraan ng Volleyball BC. Ang mga club ay dapat pumirma ng Memorandum ng Pagkakaunawaan (Memorandum of Understanding) sa Volleyball BC at magsumite ng ilang kinakailangan sa operasyon, tulad ng patakaran sa refund, patakaran sa salungatan ng interes (conflict of interest), pamamaraan sa reklamo na may itinalagang contact person, at mga kodigo ng asal para sa mga atleta, coach, at magulang.

- Isasaad din ng Volleyball BC ang katayuang pang-organisasyon ng isang club (hal. non-profit, hindi incorporated, negosyo, atbp.) sa listahan ng mga club (volleyballbc.org/play/youth/indoor/club-volleyball).
- **ESPESYAL NA PAALALA:** Bukod sa club volleyball, ang iba pang aktibidad na isinasagawa ng isang club (hal. camp, clinic, pribadong training) ay maaaring HINDI opisyal na pinahihintulutan o sakop ng insurance ng Volleyball BC. Mangyaring tanungin ang club tungkol sa mga aktibidad na ito at kung paano nila tinitiyak ang kaligtasan ng mga kalahok.
- Bawat taon ng pagiging miyembro, maaaring humanap ang bawat atleta ng club o team na pinakaangkop sa kanyang pag-unlad at mga layunin.
- Responsibilidad ng lahat ng partido – club, mga atleta, at pamilya – na tuparin ang anumang pangakong nakasaad sa mga patakaran at proseso ng Volleyball BC, at sa mga patakaran at prosesong partikular sa club.

Ano ang Dapat Kong Isaalang-alang sa Pagpili ng Club?

Mayroong mahigit 80 volleyball club sa British Columbia, at bawat isa ay may natatanging organisasyon at kultura. Dapat ninyong isaalang-alang kung ano ang pinakaangkop para sa inyo kapag naghahanap kayo ng volleyball club. Tandaan po na kayo ang mamimili at bumibili kayo ng isang produkto – responsibilidad ninyong alamin kung ano ang inyong binibili at tiyaking masaya kayong maging bahagi ng club.

May karapatan ang mga atleta at pamilya na alamin ang tungkol sa mga club na interesado sila, at makipag-ugnayan sa naaangkop na miyembro ng club kung mayroon silang anumang tanong tungkol sa programa. Narito ang ilang mahahalagang tanong o konsiderasyon kapag naghahanap ng bagong club:

Kultura

- Ano ang mga pagpapahalaga ng club? Anong mga pagpapahalaga ang hinahanap ninyo sa isang club? Magkakaiba ang pokus at pangkalahatang layunin sa likod ng mga pagpapahalaga ng iba't ibang club at team. Maglaan ng oras upang pag-isipan kung ano ang inaasahang makuha ng inyong atleta mula sa karanasan sa club bago gumawa ng pinal na desisyon.
- Isaalang-alang kung tugma ang mga ipinahayag na pagpapahalaga ng club sa kanilang mga kilos. Ipinapasok natin ang ating mga anak sa isport upang makatulong na hubugin ang kanilang pagkatao, at kailangan natin ng mga lider sa isport na nagpapakita ng parehong mga prinsipyong inaasahan nating matutunan at yakapin ng ating mga anak.

Organisasyon

- Gaano na katagal naitatag ang club? Paano nakabalangkas ang club? Sila ba ay rehistradong negosyo o non-profit? May Board of Directors ba ang club? Kasangkot din ba ang mga miyembro ng Board sa club sa iba pang tungkulin? Walang iisang 'tamang' paraan ng pagpapatakbo; gayunpaman, dapat kayong magsaliksik at unawain ang mga

kalamangan/kahinaan ng iba't ibang modelo sa pagpili ng inyong club. Pera ninyo ang inyong ginagastos, kaya kailangan ninyong maging maalam na mamimili.

- May itinakda bang mga proseso at pamamaraan ang club na malinaw na nakapaskil sa kanilang website? Nakaayon ba ang operasyon ng club sa mga patakaran, proseso, at pamamaraan ng Volleyball BC? Maaari ninyong tingnan ang website ng VBC para sa kumpletong listahan ng mga ito.
- Mayroon bang malinaw na proseso para sa mga reklamo? Dapat kasama rito ang isang tagapag-ugnay mula sa ikatlong partido (3rd party liaison) na walang direktang kaugnayan sa Board of Directors, sa pangunahing contact, o sa head coach. Maaari itong punong-guro ng paaralan, abogado, miyembro ng board, team manager, atbp. Dapat kasama sa proseso ang isang tao o organisasyon na magsisilbing direktang contact ng mga kalahok sakaling kailanganin ang paglutas ng hindi pagkakasundo.
- Gaano kalaking pakikilahok ng magulang ang kinakailangan? Maaaring kasama rito ang mga kinakailangan sa fundraising, pagtatala ng iskor (scorekeeping), o iba pang gawaing boluntaryo.

Pagsasanay

- Sino ang mga coach? Ano ang kanilang pilosopiya sa pag-coach? Tugma ba ang mga kilos ng coach sa ipinahayag na pilosopiya?
- Nakausap na ba ninyo ang mga dating atleta ng club? Ano ang naging karanasan nila? Ilang atleta ang nakikita ninyong bumabalik sa club taun-taon? Tiyaking isaalang-alang ang naging papel ng dating atleta sa team, dahil maaari itong makaapekto sa feedback na ibibigay niya. Natatangi ang inyong karanasan sa club, ngunit ang pagtatanong tungkol sa mga nakaraang karanasan ay kadalasang nakapagbibigay-liwanag sa mga bagay na 'sana ay alam na ninyo noon pa' bago pa ninyo ito maranasan mismo.
- Tugma ba ang oras ng practice at training sa iskedyul ng aming pamilya at/o sa pakikilahok sa iba pang aktibidad o isport? Sinusuportahan ba ng club ang mga atletang naglalaro ng iba't ibang isport at ang pakikilahok sa mga isport sa paaralan? Bawat atleta ay may kani-kaniyang sitwasyon sa kung paano siya lumalahok sa club volleyball. Kung mayroon kayong iba pang hinahangad na mahalaga rin sa inyo, dapat kayong humanap ng club/coach/team na susuporta sa inyong mga interes sa labas nito.

Mga Bayarin at Obligasyong Pinansyal

- Ano ang kasama sa bayarin sa club? Nasa ibaba ang ilang halimbawa ng mga bagay na maaaring itanong na maaaring bahagi ng bayarin sa club. Nasa bawat atleta at pamilya ang pagpapasya kung aling mga bagay ang mahalaga sa kanila.
 - Kasama ba ang hotel? Kung hindi kasama, inaasahan bang manatili sa isang partikular na hotel o kasama ng mga kasamahan sa team?
 - May kasama bang transportasyon ng team?
 - Ilang practice bawat linggo ang kasama? Ilang court bawat team ang nakalaan para sa practice? Gaano katagal ang mga practice? Regular ba ang iskedyul ng mga ito?

- Kasama ba ang sport science, tulad ng strength and conditioning, nutrisyon, o sikolohiya sa isport?
- Mayroon bang iba pang bagay tulad ng team picture o mga aktibidad?
- May kasama bang mga exhibition tournament o iba pang biyahe?
- Kasama ba ang gamit at uniporme ng team?
- Ano ang patakaran ng club sa refund o pananalapi? May karapatan ang mga club na matupad ang lahat ng obligasyong pinansyal. Ang mga atletang nangangakong sumali sa isang club para sa season ay nangangakong tutuparin ang lahat ng responsibilidad na pinansyal na hinihingi ng club. Hindi dapat mangako ang mga pamilya sa isang club kung hindi nila kayang tuparin ang mga obligasyong iyon. Hindi nakikialam ang VBC sa mga usaping pinansyal sa pagitan ng mga club at atleta. Ang patakaran ng club sa pananalapi at refund ang palaging mangingibabaw.

Anong mga Konsiderasyong Pangkaligtasan ang Dapat Kong Malaman?

Pinakamahalaga sa Volleyball BC ang kaligtasan, at sinisikap naming matiyak na ang lahat ng kalahok ay magkaroon ng ligtas at positibong karanasan sa volleyball sa British Columbia. Walang lugar sa ating komunidad ng volleyball ang pang-aabuso, pagmamaltrato, at mga hindi ligtas na gawain.

Nakatuon ang Volleyball BC sa paglikha ng ligtas at magiliw na kapaligiran sa isport. Upang suportahan ito, ang lahat ng club at kalahok sa club volleyball ay dapat sumunod at tumupad sa mga kinakailangang ito:

- Pumayag na sumunod sa Kodigo ng Asal at Etika (Code of Conduct and Ethics).
- Sundin ang “Bukas at Nakikitang mga Kapaligiran” (Open and Observable Environments) upang matiyak na hindi kailanman mapag-iisa ang isang atleta kasama ang isang taong may awtoridad, tulad ng coach.
- Unawain ang pagkakaiba ng angkop at hindi angkop na pag-uugali sa volleyball.
- Tiyaking ang lahat ng lider ng club ay dumaan na sa screening at aprubado bilang miyembro ng Volleyball BC bago lumahok sa anumang aktibidad ng club kasama ang mga atleta: ang mga coach, staff, boluntaryo, at referee ay kinakailangang kumpletuhin ang Pagsusuri ng Rekord Kriminal (Criminal Record Check) tuwing 3 taon, sagutan ang Form ng Pagsisiwalat para sa Screening (Screening Disclosure Form) taun-taon, at kumpletuhin ang pagsasanay sa Ligtas na Isport (Safe Sport).
- Iulat ang anumang pang-aabuso o pagmamaltrato sa ITP Sport (integritycounts.ca), isang independiyenteng ikatlong partido na humahawak ng mga reklamong may kaugnayan sa panliligalig (harassment), diskriminasyon, at pang-aabuso.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa gawain ng Volleyball BC sa pagpapanatiling ligtas ng volleyball, bisitahin ang aming webpage tungkol sa ligtas na isport (volleyballbc.org/safe-sport).

Mahalaga ang papel ng mga magulang at tagapag-alaga sa pagprotekta sa kanilang mga anak laban sa pagmamaltrato at sa pagpapanagot sa mga organisasyong pang-isport. Bilang magulang/tagapag-alaga, may karapatan kayong magtanong tungkol sa mga hakbang na ginagawa ng isang club upang lumikha ng ligtas na kapaligiran para sa kabataan:

Hakbang 1: Kilalanin ang Organisasyon

- Ano ang alam ninyo tungkol sa kasaysayan ng organisasyon, sa mga layunin nito para sa kabataan, at sa pilosopiya nito?
- Nabisita at nalibot na ba ninyo ang organisasyon?
- Ano ang naging impresyon ninyo?
- Bukas at tapat ba ang organisasyon sa pagsagot sa mga tanong tungkol sa ligtas na isport?
- May open-door policy ba ang organisasyon para sa pagtugon sa mga alalahanin?

Hakbang 2: Magtanong

- Ano ang inyong proseso ng screening, bukod sa pagsusuri ng rekord kriminal, sa pagkuha ng staff at/o boluntaryo?
- Anong uri ng pagsasanay tungkol sa ligtas na isport ang natatanggap ng inyong staff at/o mga boluntaryo?
- Mayroon ba kayong kodigo ng asal para sa staff/boluntaryo na naglalahad ng inaasahang hangganan sa pagitan ng kabataan at mga nasa hustong gulang?
- Ano ang inyong mga patakaran at pamamaraan sa pag-uulat ng mga alalahanin o maling asal?
- Paano hinahawakan ng inyong organisasyon ang maling asal ng staff o boluntaryo?

Hakbang 3: Alamin Kung Paano Pinamamahalaan ang Panganib

Magtanong ng mga partikular na tanong tungkol sa kung paano pinamamahalaan ang panganib sa mga aktibidad na maaaring kinabibilangan ng:

- Transportasyon ng kabataan
- One-on-one na oras kasama ang kabataan
- Pagpapalit ng damit at paliligo
- Mga biyaheng may pagpapalipas ng gabi
- Komunikasyon sa kabataan sa labas ng mga aktibidad ng programa (hal. pag-text, pag-email, mga social networking site)
- Alamin kung paano ipinapaalam ng organisasyon sa mga magulang ang mga isyu o alalahanin kapag may nangyaring insidente o sitwasyon

Hakbang 4: Manatiling Kasangkot

- Turuan ang inyong anak tungkol sa personal na kaligtasan.

- Maging presente at kasangkot sa mga aktibidad ng inyong anak. Bigyang-pansin ang pakikipag-ugnayan niya sa mga lider.
- Kumustahin ang inyong anak at lumikha ng mga pagkakataon upang maibahagi niya ang kanyang damdamin, mga kuwento, opinyon, at pananaw tungkol sa kanyang mga karanasan.
- Bigyang-pansing mabuti ang mga pagbabago sa pag-uugali. Ipakita sa pamamagitan ng sariling halimbawa ang angkop na mga hangganan sa pagitan ng mga nasa hustong gulang at kabataan. Hubugin ang pag-unawa ng inyong anak sa malusog na mga hangganan sa pamamagitan ng paggalang sa kanyang mga hangganan, pagpigil sa ibang sumusubok na hindi igalang ang kanyang mga hangganan, at pagtutuwid sa inyong anak kapag nagsisimula siyang hindi gumalang sa iba.
- Kilalanin ang mga kaibigan at ibang magulang mula sa organisasyon.
- Maging mapagmasid at kuwestiyunin ang hindi angkop na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga nasa hustong gulang at kabataan. Ipaalam sa organisasyon ang inyong mga alalahanin sa pamamagitan ng pag-uulat sa kanila.

Anong Pag-uugali ang Dapat Kong Ikabahala?

- Komunikasyon sa inyong anak na labas sa papel ng nasa hustong gulang at hindi nangyayari sa konteksto ng karanasan sa isport. Hal., pagtawag nang personal sa telepono sa inyong anak.
- Hindi angkop na pakikisalamuha sa inyong anak na lampas sa papel ng nasa hustong gulang sa volleyball. Hal., pag-aalok ng hindi awtorisadong personal na paghahatid (sakay) sa inyong anak.
- Pag-uugali na ikababahala ng sinumang makasaksi nito.
- Pag-uugali na nagpapahiya, nang-aalipusta, o nagpaparamdam ng kahihyan sa inyong anak.
- Pisikal na paghawak sa inyong anak na nagpaparamdam sa kanya ng pagkailang, lumalabag sa makatwirang hangganan, o hindi angkop sa konteksto ng sitwasyon.
- Hindi angkop na hangganan sa inyong anak, mga sekswal na pag-uugali (hal. sekswal na usapan, malisyosong pagtitig, pakikipag-flirt) o paghawak na nagpaparamdam ng pagkailang sa bata at/o sa iba.

Kung mayroon kayong mga alalahanin, makipag-usap sa inyong volleyball club o sa tagapag-organisa ng programa.

Ano ang Dapat Kong Gawin Kung May Alalahanin Ako Tungkol sa Pag-uugali ng Isang Tao sa Isang Club?

Kung ang alalahanin ay may kaugnayan sa mga bylaw, tuntunin, patakarán, at/o pamamaraan ng Volleyball BC, mangyaring makipag-ugnayan sa: reporting@volleyballbc.org.

Kung ang alalahanin ay may kaugnayan sa mga patakaran o pamamaraang partikular sa club, makipag-ugnayan sa inyong club at sundin ang kanilang itinakdang mga patakaran para sa paglutas ng hidwaan.

Kung ang reklamo/katanungan ay may kaugnayan sa pagmamaltrato, maling asal, diskriminasyon, karahasan, pambu-bully, o panliligalig, makipag-ugnayan sa ITP Sport (integritycounts.ca), isang independiyenteng ikatlong partido na humahawak ng mga reklamong may kaugnayan sa ligtas na isport.

Ano ang Maagang Pagpirma (Early Signing)?

Upang bigyang-daang itaguyod ang katapatan sa pagitan ng mga atleta at club, pinapayagan ang mga bumabalik na atleta na muling pumirma sa kanilang indoor club noong nakaraang taon sa loob ng Panahon ng Maagang Pagpirma (Early Signing Period). Ang Maagang Pagpirma ay pinapayagan lamang para sa mga atletang 15–18U. Hindi lahat ng club ay nagpapasyang gamitin ito.

Ang Panahon ng Maagang Pagpirma ay itinatakdang ng Volleyball BC bawat taon at karaniwang nagaganap mula kalagitnaan ng Setyembre hanggang simula ng Nobyembre.

Iniulat ng mga club sa Volleyball BC ang lahat ng atletang pinapirma nila nang maaga, at inilalathala ang isang listahan sa website ng VBC kapag natapos na ang Panahon ng Maagang Pagpirma.

Ang mga atletang pumirma nang maaga sa kanilang club ay hindi na kailangang dumalo sa tryout para sa club. Bukod dito, hindi sila maaaring dumalo sa mga tryout ng ibang club.

Ang mga atletang gumagamit ng Maagang Pagpirma ay hindi garantisadong:

- Mailalagay sa isang partikular na team (maliban kung tinukoy ng club).
- Mabibigyan ng oras ng paglalaro.

Ang mga atleta at club na gumagamit ng Panahon ng Maagang Pagpirma ay nangangako sa isa't isa nang hindi bababa sa isang season:

- Ang mga atletang hindi tumupad sa kanilang pangako ay hindi na magiging kwalipikadong makipagkumpitensya sa natitirang bahagi ng season.
- Ang mga club na hindi tumupad sa kanilang pangako ay papatawan ng parusa ng Volleyball BC.

Ano ang Dapat Kong Asahan sa mga Tryout?

Karaniwang nagsasagawa ang mga club ng tryout para sa mga puwesto sa kanilang mga team. Nag-iiba ang mga petsa ng mga tryout na ito depende sa kategorya ng edad at sa club, ngunit karaniwang nagaganap ang mga ito mula kalagitnaan/katapusan ng Nobyembre hanggang kalagitnaan ng Disyembre. Ang mga tryout ng club ay dapat ganapin sa loob ng mga panahong itinakda ng Volleyball BC para sa kasalukuyang taon ng pagiging miyembro.

Hindi maaaring hingin ng mga club na dumalo ang mga atleta sa mga tryout sa labas ng mga nakalathalang petsa ng tryout bilang kondisyon para mapili sila sa isang club o team.

Ang pagpaparehistro para sa mga tryout ay ginagawa nang indibidwal sa pamamagitan ng mga club at hindi sa pamamagitan ng Volleyball BC. Mangyaring tingnan ang pahina ng Mga Contact ng Club (volleyballbc.org/play/youth/indoor/club-volleyball) upang mahanap ang mga website ng mga club na interesado kayo, at direktang makipag-ugnayan sa mga club para sa karagdagang impormasyon.

Maaaring piliin ng ilang club na hindi magsagawa ng tryout. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa mga puwesto sa roster o kung may available na team, mangyaring direktang makipag-ugnayan sa mga club.

Karaniwang naniningil ang mga club ng bayad para makadalo sa tryout. Ang bayad sa tryout ay hindi bahagi ng bayarin ng atleta sa club.

Ang pagdalo sa tryout ng isang club ay hindi itinuturing na paglalaro para sa club at hindi lumilikha ng pangakong maglaro para rito.

May karapatan ang mga atleta at pamilya na makatanggap mula sa club ng kumpletong impormasyon tungkol sa proseso ng tryout.

May karapatan ang mga atleta at pamilya na dumalo sa anumang tryout ng club. Maaaring dumalo ang mga atleta sa maraming tryout kung nais nila.

Ang tryout ay maaaring isang session lamang, o maaaring isagawa sa ilang session sa magkakaibang araw. May karapatan ang mga club na maningil ng bayad sa tryout, at ang tryout na may maraming session ay maaaring mas mahal kaysa sa tryout na iisang session lamang.

Hindi dapat nakadepende ang mga tryout sa pagdalo sa mga opsyonal na pagkakataon sa training sa off-season.

Iba't ibang uri ng tryout ang isinasagawa ng iba't ibang club. Alamin ang uri ng tryout na dadaluhan ninyo at ang mga detalye ng team sa pamamagitan ng pagtatanong:

- Gaano katagal o ilang araw ang tryout?
- Kinukuha ba ang atleta para sa isang partikular na team, o para sa alinmang team sa club na kwalipikado siya batay sa edad?
- Mayroon na bang mga atletang muling pinapirma ang club, o wala pang napipili at bukas ang lahat ng posisyon?
- Isinasaalang-alang ba ang atleta para sa alinmang team sa club, kabilang ang “top” team sa kanyang pangkat ng edad, o may ilang team na bang puno na?

Kung hindi kayo komportable sa alinman sa mga sagot na ibinigay ng club, maaaring senyales ito na dapat pa kayong maghanap. Kung ang isang club ay kumikilos sa paraang tila hindi isinasaalang-alang ang inyong pinakamabuting kapakanan, dapat ninyo itong isaalang-alang sa inyong mga desisyon. Maraming de-kalidad na programa ang iniaalok sa buong lalawigan natin. Hangad naming maging kuntento ang bawat atleta, pamilya, at club sa mga desisyong ginagawa nila sa panahon ng mga tryout.

May karapatan ang mga atleta at pamilya na maabisuhan tungkol sa kanilang katayuan sa lalong madaling panahon kapag nakapagpasya na ang club tungkol sa atleta. Para sa mga tryout na tumatagal nang maraming araw, may karapatan ang mga atleta na malaman ang kanilang katayuan sa lalong madaling panahon. Hindi dapat hingin sa mga atleta na dumalo sa mga karagdagang araw ng tryout kung hindi sila angkop sa team batay sa kanilang antas ng pag-unlad. May karapatan ang mga atleta na maiparating sa kanila nang kumpidensyal ang impormasyong ito dahil sa sensitibong katangian nito.

Ang mga atletang tumanggap na ng alok ng isang club ay DAPAT nang tumigil sa pagdalo sa mga tryout ng ibang club at ipaalam sa ibang mga club ang kanilang intensyon.

Ano ang Dapat Kong Asahan Pagdating sa mga Alok mula sa mga Club?

Sa panahon o pagkatapos ng mga tryout, maaaring bigyan kayo ng isang club ng alok para sa isang puwesto sa team.

Taun-taong itinatakda ng Volleyball BC ang Petsa ng Pagpirma ng Alok (Offer Signing Date), ang petsa kung hanggang kailan maaaring pormal na tanggapin ng mga atleta ang isang posisyon sa isang club. Nag-iiba ang mga petsang ito depende sa pangkat ng edad, ngunit karaniwang nasa katapusan ng Nobyembre hanggang kalagitnaan ng Disyembre. Maaaring mag-alok ang isang club sa mga atleta ng posisyon sa club anumang oras matapos magsimula ang mga tryout ng club at bago ang Petsa ng Pagpirma ng Alok. Maaari lamang mag-alok ang isang club sa mga atletang nakarehistro sa tryout ng kanilang club.

Ang lahat ng alok sa mga atleta ay dapat gumamit ng istandard na Liham ng Alok ng VBC para sa Atleta ng Club (VBC Club Athlete Offer Letter). Itinuturing na tinanggap na ng atleta ang isang alok sa sandaling pirmahan niya ang Liham ng Alok ng VBC para sa Atleta ng Club o magbayad siya ng bahagi ng kanyang bayarin sa club.

Kung makatanggap kayo ng alok mula sa isang club, hindi maaaring bawiin ng club ang alok na iyon hangga't hindi lumilipas ang 6pm sa Petsa ng Pagpirma ng Alok.

Kung makatanggap kayo ng alok mula sa isang club at piliin ninyong tanggapin ito, sa sandaling pirmahan ninyo ang form, ito ay nagiging isang kontratang may-bisa na nag-oobliga sa inyo at sa club na mangako sa isa't isa para sa kabuuan ng isang season.

Narito ang ilang konsiderasyon tungkol sa mga alok:

- May karapatan ang mga atleta at pamilya na pumili ng anumang club nang hindi pinipilit ng mga kinatawan ng club at nang walang panganib ng anumang kahihinatnan o ganti. Maliban kung tinanggap na ng atleta ang alok na sumali sa kanilang club, ang mga kinatawan ng club/team ay maaari lamang makipag-ugnayan sa mga atleta mula 4:00pm–9:00pm tuwing karaniwang araw (Lunes hanggang Biyernes) at mula 8:00am–9:00pm tuwing Sabado at Linggo. Maaaring makipag-ugnayan ang mga kinatawan ng club/team sa mga magulang/tagapag-alaga anumang oras. Hindi dapat pilitin ng mga club ang mga atleta na

tanggapin ang anumang alok o pangako. Kung pinipilit kayo ng isang club na tanggapin ang isang alok, maaaring senyales ito na hindi ito ang tamang club para sa inyo.

- Pinakamabuting gawi (best practice) na alam ng mga atleta kung sinong coach, aling team, at anong kategorya ng edad ang kanilang pinangangakuan. May karapatan din ang mga atleta na magtanong tungkol sa anumang alok na kanilang natatanggap upang lalo nilang maunawaan ang pangakong kanilang ginagawa. Kung hindi ibinigay ang impormasyong ito sa oras ng pagpirma, may karapatan ang atleta na umatras sa pangako kapag naging available na ang impormasyon.
- Ang mga tanong ng atleta tungkol sa kanyang alok ay hindi dapat nakabatay sa posibleng oras ng paglalaro o posisyon, dahil pabago-bago ang mga salik na ito sa loob ng season at hindi mahuhulaan. Nagbabago ang mga team at atleta sa paglipas ng panahon, at hindi maiiwasan ang paglago at pagbabago.
- May karapatan ang mga club na malaman ang katayuan ng kanilang alok sa sandaling malaman ninyo kung tatanggapin ninyo ito. Nakaaapekto ito sa kanilang pagpapalano at sa kung kailangan nilang mag-alok ng posisyon sa iba pang atleta. Hindi patas sa sinuman ang pag-iipon ng mga alok.
- Ang mga atleta at pamilyang tumanggap ng alok ng isang club ay DAPAT nang tumigil sa pagdalo sa mga tryout ng ibang club at ipaalam sa ibang mga club (na ang mga tryout ay kanilang sinalihan o na nag-alok na sa kanila ng posisyon) ang kanilang intensyong tanggapin ang alok ng ibang club.

Ano ang Ibig Sabihin ng “Recruiting”?

May zero tolerance na patakaran sa recruiting ang Volleyball BC (volleyballbc.org/play/youth/indoor/club-volleyball) upang matiyak na ang lahat ng kalahok ay magkaroon ng positibong karanasan. Nangangahulugan ito na ang mga kinatawan ng club – tulad ng mga coach, administrador, staff ng team, mga magulang at tagapag-alaga – ay hindi pinapayagang makipag-ugnayan anumang oras sa mga atleta mula sa ibang club para sa layunin ng recruitment.

Pinapayagan lamang ang mga kinatawan ng club na magpadala ng tuwirang komunikasyon sa isang atleta kung ang atleta ay naglaro para sa club noong nakaraang season, kung ang atleta ay nakarehistro sa tryout ng kanilang club, o kung ang atleta ay hindi nakarehistro sa anumang club noong nakaraang season.

Ang “Tuwirang Komunikasyon” (Direct Communication) ay tumutukoy sa isang personal, indibidwal, at/o nakatuong mensahe mula sa isang kinatawan ng club sa isang partikular na atleta o grupo ng mga atleta. Hindi kailanman pinapayagan ang Tuwirang Komunikasyon sa mga atleta mula sa ibang club. Pinapayagan ang “Di-tuwirang Komunikasyon” (Indirect Communication) – ito ay tumutukoy sa isang hindi personal na mensahe mula sa isang kinatawan ng club na maaaring makita ng pangkalahatang publiko, o isang tugon sa isang katanungan na hindi nagbibigay ng higit pang impormasyon kaysa sa makukuha ng lahat ng atleta.

Hinihikayat ang mga atleta at kanilang pamilya na tumulong sa proseso ng recruitment sa pamamagitan ng pagtiyak na nasusunod ang patakaran at mga alituntunin sa recruiting, at kung maaari, sa pamamagitan ng paglutas sa maliliit na paglabag (hindi sinasadya at sinasadya). Ang lahat ng miyembro ng Volleyball BC ay dapat maging mapagbantay sa mga paglabag na naglalagay sa mga atleta sa hindi komportableng sitwasyon o nagbabanta sa kanilang kalusugan/kaligtasan, o nagbibigay ng kalamangan sa kompetisyon sa isang club laban sa iba. Kung mayroon po kayong anumang tanong tungkol sa patakaran sa recruiting, makipag-ugnayan sa dcaughran@volleyballbc.org.

Ano ang Mangyayari Kung Hindi Ako Makatanggap ng Alok?

Sa kasamaang palad, hindi lahat ay makatatanggap ng alok na maglaro ng club volleyball. Napakakumpetitibo nito, at karamihan sa mga club ay may 1 o 2 team lamang sa bawat pangkat ng edad.

Walang anumang boses ang Volleyball BC sa pagpapasya kung kanino mag-aalok ang mga club, kung saan mag-o-operate ang mga club, kung aling mga pangkat ng edad ang iaalok ng mga club, o kung ilang team ang pipiliin nilang patakbuhin. Ang lahat ng ito ay nasa pagpapasya ng club.

Kung hindi kayo nakatanggap ng alok ngunit nais pa rin ninyong magpatuloy sa paglalaro ng volleyball, isaalang-alang ang:

- Pagbisita sa aming pahina ng Mga Programa para sa Kabataan (Youth Programs) sa aming website (volleyballbc.org/play/youth/indoor/youth-programs) upang makita kung anong mga programa ang maaaring iniaalok ng Volleyball BC.
- Pagtatanong sa inyong mga lokal na club kung nagsasagawa sila ng mga clinic at camp sa buong taon.
- Pakikipag-ugnayan sa inyong lokal na tagapagbigay ng mga recreation program upang malaman kung may mga programa sa volleyball.

Mga Kapaki-pakinabang na Link

Sanggunian	Web address
Volleyball BC – Mga web page tungkol sa Club Volleyball	volleyballbc.org/club-volleyball
Volleyball BC – Listahan ng mga Aprubadong Club	volleyballbc.org/play/youth/indoor/club-volleyball (seksyong Mga Contact ng Club)
Volleyball BC – Kampeonatong Panlalawigan	volleyballbc.org/club-volleyball/provincial-championships
Volleyball Canada – Pambansang Kampeonato	volleyball.ca/en/volleyball-canada-domestic-events
Volleyball BC – Kaligtasan sa volleyball	volleyballbc.org/safe-sport

Mahahalagang Contact

Rehiyon o paksa	Email
Rehiyon ng Lower Mainland	lm@volleyballbc.org
Fraser Valley	fv@volleyballbc.org
Okanagan	okanagan@volleyballbc.org
Vancouver Island	island@volleyballbc.org
Hilaga	north@volleyballbc.org
Kootenays	kootenays@volleyballbc.org
Pagiging Miyembro	members@volleyballbc.org

www.volleyballbc.org